

# Chapter

# One

*M*alagkit sa pakiramdam ang araw ng Martes na iyon dahil sa init ng panahon. Suot ang puting T-shirt at malapad na sombrero at yakap ang isang gitara, habang sa likod ay nakasabit ang isang backpack, pumunta si Cara sa pilahan ng tricycle sa public market.

Substitute teacher siya dahil maselan ang pagbubuntis ng guro ng kindergarten at bawal ang malalayong biyahe. Tinawagan siya ng tiyahin kung interesado siya sa trabaho kaya nagbalot siya ng mga gamit at lumipad sa bayan ng Diway mula Maynila.

“Papunta po ba ’to sa Barangay Bagtas, manong?” tanong niya sa may-edad na tricycle driver kung papunta ito sa barangay kung saan siya makasakay ng

habal-habal na motor papunta sa bundok.

“Opo, miss.”

Pinaupo siya ng driver sa likuran nito at dahil hindi pa puno ang tricycle ay nagtsikahan pa sila.

“Ikaw pala ang pamangkin ni Miss Lagundi. Kaklase ko dati ’yan noong elementary at high school. Singer namin ’yan noon. Hindi ba ang Lola Indang mo, maganda ring kumanta?”

“Opo!” sagot ni Cara.

Lahat naman sila sa pamilya niya ay magaling kumanta kaya nga MAPEH ang major nila. Tubong Diway din siya kaso iyong ama niya kasi ay sa Maynila piniling magtrabaho at manirahan kaya roon na siya nagkamuwang kasama ng kanyang mga kapatid. Umuwi siya rito sa bayan ng Diway dahil nahihirapan siyang maghanap ng trabaho bilang guro sa Maynila, at ang tiyahin niya ay ang district supervisor sa lugar na ito kaya medyo mas magiging madali ritong makapuwesto.

At heto nga, pinagtuturo si Cara sa bundok para hindi naman maakusahan ng nepotism ang tita niya. Pinahirapan naman kasi siya kahit papaano.

“Doon sa rancho sa bundok nagtratrabaho ang pinsan ko,” patuloy ng driver.

Narinig nga niya mula sa tiyahin na ang rancho raw ni Dario Menguez ang nagfi-finance ng eskwelahan doon. Malaki nga raw ang rancho; mga

walong libong baka ang pinapastol sa bundok.

“Third cousin ko nga rin ang dating asawa ni Dario. Ewan ko nga doon kung bakit sumama ’yon sa iba, eh, maganda na ang buhay doon sa rancho.”

Napansin ni Cara na lahat na lang dito sa probinsiya ay magpipinsan. Marami nga rin siyang pinsan, kahit iyong mga fourth cousin o fifth cousin ay malapit na pinsan niya pa rin.

Sa wakas ay napuno ang tricycle at umandar na ito. Mga beinte minuto rin ang nilakbay nila bago dumating sa duluhang barangay.

Doon sa barangay hall ay may mag-inang naghihintay rin ng habal-habal. Naloka siya nang dumating ang isang motor na may extension na kahoy sa likod para kakasya silang tatlo sa likuran. Natakot nga noong una si Cara. Pero naisip niya, kung ang mag-ina nga hindi natatakot, mas dapat na maging matapang siya.

Cool siyang umakyat sa likuran ng motor at inilagay sa gilid niya ang gitara. Kumapit siya nang mabuti nang umandar na ito.

Napangiti siya nang dumaan na sila sa gitna ng mga palayan at niyugan. Adventure nga, tulad ng inaasahan niya, dahil parang tumatalon din ang mga atay niya’t bituka sa mga nadadaan ng motor.

Tumigil sila sa tulay nang may nakasalubong na malalaking truck na may lamang mga baka. Pinadaan

muna ang mga ito bago sila dumiretso sa isang paakyat na daan na binabakuran ng mga damuhan kung saan nakapastol ang halos hindi mabilang na mga baka. Ang haba ng nilakbay nila hanggang sa nakarating sila sa baryo kung saan may tumpok ng mga pamamahay. Karamihan ay mga bahay-kubo, pero may iilan namang gawa sa semento.

Huminto sila sa barangay hall at doon na siya nagtanong kung saan ang *Paaralang Elementarya ng Luhaang Bato*.

“Sundan n’yo ako, miss,” sabi ng kapitan sa kanya.

Bumuntot siya rito papunta sa gitna kung saan naroon ang kapilya at maliit na plaza. Dumiretso sila nang kaunti at doon na tumambad sa tingin niya ang isang mansyon. Akalain ba ni Cara na may mansyon pala rito sa bundok!

Malaki nga pero simple lang ang disenyo ng malaking bahay. Iyong halatang may perang pangpatayo ang may-ari, hindi nga lang alam kung ano ang gagawin sa hitsura. Nakulangan sa aesthetic.

Sa gilid ng mansyon sila dumiretso kung saan nakadikit sa pader ang *Elementarya ng Luhaang Bato*. May siyam na silid-aralan ito at maliit na stage sa sementong walang pinta. Wala iyong kakulay-kulay dahil kahit isang santan ay walang nakatanim doon. Hinanap pa nga niya ang flagpole, pero wala iyon. Doon pala malapit sa akasya, medyo lalakaran mula sa

mga classrooms.

Ang isa pang nakakapagtaka ay napakatahimik ng lugar kahit uwian na ng mga bata. Sa mga eskwelahang napuntahan ni Cara ay sobrang ingay kapag uwian— may nagtatakbuhanang mga bata, may naghahalakhakan, may nagsisigawan, may naglalaro. Dito ay tikom-bibig ang mga bata na naglalakad palayo ng eskwelahan. Bakit kaya ang lungkot dito?

Noon lumabas ang principal na si Miss Makulay. Dalaga pa ito at siguro mga nasa early thirties ang edad. Unang tingin pa lang ay nagbibigay na ito ng impresyon ng isang taong hindi maaaring kantiin. Mataas ang kilay nito, idagdag pa ang nakakamatay na mapupulang labi.

“Cara? Are you Cara Lagundi?” tanong ng punong-guro sa diction na mala-Miriam Santiago.

“Opo, ma’am,” sagot niya.

“Okay, you will be teaching Grade 1 students. I believe you already know what to do. My number one rule in here is silence. Ayaw kasi ni Dario Menguez ng maingay kaya dapat hindi nag-iingay ang mga bata. You should know how to control them.”

“Opo, ma’am.”

“Miss Dagohoy!” tawag ng principal sa isang maliit na babaeng guro na papalabas ng isang silid. “Please show Miss Lagundi your boarding house.”

Malapad na ngiti naman ang binigay sa kanya ng

babaeng tinawag na Miss Dagohoy. Nagbatian sila, pagkatapos, sinenyasan siya nito kaya sumunod na siya rito. Nang nasa harap na sila ng kapilya at malayulayo na sa eskwelahan ay noon na siya nagtanong kung bakit parang bawal mag-ingay.

“Ayaw kasi ng nasa kabilang bahay na may nag-iingay. Eh, alam mo namang si Dario Menguez din ang benefactor ng eskwelahan kaya sinusunod talaga namin. Siya ang nag-donate ng lupa, nagpatayo ng mga classrooms, bumibili ng lahat ng pangangailangan ng mga estudyante at nagpapalugaw pa ’yan palagi.”

Napakunot si Cara ng noo. “Paano naman kapag nagkklase? Natural naman talagang maingay ang mga klase.”

“Okay naman kapag sa klase na. Ang ayaw lang niya ay iyong tapos na ang klase pero maingay pa rin.”

“Ahhh...” ang tangi niyang nasabi.

Isang bahay na gawa sa kawayan at semento ang kanilang boarding house. Isang biyuda ang sumalubong sa kanila. Ito ang kanilang magiging kasera.

Binigyan siya nito ng isang maliit na kuwarto na kadikit ng silid ni Miss Dagohoy na ‘Leny’ pala ang palayaw.

Nag-aayos na si Cara ng mga gamit niya kinagabihan nang may sinumbong ang kanyang kapit-kuwarto tungkol sa principal.

“Hay naku, patay na patay sa ranchero na ’yan si Miss Makulay,” kuwento ni Leny. “Kapag napapadaan ang ranchero ay makikita mong pakendeng-kendeng ’yan.”

Nahalata nga ni Cara na parang may kinikimkim na galit ang guro sa principal nila. Hindi na lang siya nag-react dahil hindi naman niya alam ang puno’t dulo niyon.

“Mag-ingat-ingat ka diyan dahil lahat pinagseselosan n’yan,” patuloy ng babae. “Ako nga pinagseselosan. Hay naku! Hindi ako ambisyosa ’noh! Marunong akong lumugar sa buhay.”

“Ano ba ang itsura ni Mr. Menguez? Palagi ko na lang naririnig ang pangalan niya.”

“May itsura! Kaso nga lang buraot ang ugali kaya iniwan ng asawa.” Umiling pa si Leny. “Ayaw ko nga! Bakit naman ako papasok diyan? Ang istrikto ng ranchero na ’yan at baka masinghalan lang ako.”

Sa mga narinig ay nagkaroon din siya ng takot sa may-ari ng buong barangay. Dapat pala umiwas-iwas din siya doon. Sana hindi siya magkaproblema sa lugar na ito dahil ayaw naman niyang ipahiya ang tiyahin.

Maganda ang sikat ng araw kinabukasan. Masayang nagdatingan ang mga estudyante sa *Luhaang Bato Elementary School* suot ng kanilang mga tsinelas. Sinabi nga ni Miss Dagohoy, galing sa tuktok o sa kabilang mga bundok pa ang iba at kung

anong ilog pa ang tinawid para lang makarating sa eskuwelahan.

Maagang pumasok si Cara suot ang bagong uniporme niyang pang-guro at bitbit ang kanyang gitara. Pagkapasok sa classroom ay nalaman niyang kahit doon sa loob ay walang kakulay-kulay ang silid. Grabe! Mukhang ang lips lang ni Miss Makulay ang may kulay sa paaralang ito. Sa sunod na pagbaba niya sa poblacion ay mamimili siya ng mga pangdekorasyon.

Nag-flag ceremony muna sila bago bumalik sa kanilang mga classrooms. Sampu nga lang ang estudyante niya sa kindergarten—pitong babae at tatlong lalaki.

Nag-umpisa sila sa Reading. Tinuruan niya ang mga ito ng pagbasa ng pinaghalong consonant at vowel. Pagkatapos ng isang oras ay nakita na niyang inaantok na ang lahat. Kinuha niya ang gitara para yayain ang mga ito na kumanta.

“Alam n’yo ’yung *Sitsiritsit*?” tanong ni Cara sa mga bata.

Tumango ang iba. Umiling naman ang ilan.

“Aawitin natin!”

Umiling ang mga bata.

Napakunot ang noo ng dalaga. “Bakit naman?”

“Bawal mag-ingay,” sagot ng isang batang babae na may kulot na buhok at nakaupo sa harapan.



“Bakit bawal umingay?”

“Magagalit si ’Ir Dario,” sagot uli ng bata. Sipunin ito kaya nahihirapang mag-pronounce.

Nagbigay si Cara ng di-makapaniwalang tingin sa mga bata. Ano namang pag-aaral iyan kung hindi ka tuturuang kumanta ng mga katutubong awit? Responsibilidad nilang mga guro na ituro ang mga nakasanayang kulturang Pinoy sa mga paslit. Hindi na talaga tama ang nangyayari dito.

Nagbigay siya ng istriktang tingin sa lahat at nagsalita sa seryosong boses. “Kakanta tayo ngayon para hindi kayo paantok-antok. Alam kong nakakaantok ang panahon pero hindi puwede na walang pumapasok sa utak n’yo habang nagleleksyon ako. Ayaw kong magsayang ng laway dito.”

Mukhang hindi alam ng mga bata kung ano ang gagawin dahil baka sinanay ito ng dating guro na huwag mag-ingay dahil sa kapit-bahay na buraot.

“*Sitsiritsit, alibangbang. Salaginto’t salagubang...* Handa, awit!”

Nakikanta naman ang mga chikiting sa mahihinang boses noong una, pero nang lumaon ay bumibirit na ang karamihan sa tuktok ng kanilang mga boses. Mali nga ang mga lyrics pero sige lang. Ang batang lalaki sa harap niya isa lang ang lyrics simula umpisa: “*Bang, ba-bang, bang, bang-bang-bang-bang!*”

Napangiti naman si Cara dahil sa nakikitang tuwa sa mukha ng mga estudyante.

“Class, ito ba ang unang inawit n’yo dito?” tanong niya.

Tumango ang lahat. Sa dati niyang tinuruan, dumadagundong na ‘oo’ ang kinukoro ng mga bata kapag may tinatanong siya.

“Another one! Kakanta tayo ng *Bahay-Kubo*.”

Dahil na-stretch na ang tonsil sa unang kanta kaya malakas na ang boses ng lahat sa pagbirit ng bahay-kubo.

*“Bahay-’ubo kahit munti ang ’alaman doon  
Ay tari-tari, tingkamas at ’long, ’garilyas-mani”*

Jumble-jumble ang words pero sige pa rin sa maalab na pagkanta. Nasa kalagitnaan sila ng pagbirit nang dumating si Miss Makulay.

“Miss Lagundi, can I talk to you for awhile?”  
Seryoso ang mukha ng principal.

“Okay po,” sagot niya. Sa labas sila ng classroom nag-usap.

“Dumating kanina dito ang katiwala ni Dario Menguez, maingay daw tayo. Naaalibadbaran ’yung tao sa kabila.”

“Pero, ma’am, kailangan nating turuan ng mga kantahing Filipino ang mga bata,” rason ni Cara.

“Maingay nga raw sa kabila!”

Tumahimik na lang siya dahil mukhang hindi

magpapatalo ang kaharap. Bakit kaya nito uunahin ang gusto ng nasa kabila kaysa sa kapakanan ng mga mag-aaral? Mamaya, kakausapin niya ang ranchero na iyon at ipapaliwanag kung bakit kailangang turuang kumanta ang mga bata. Kapag kabutihan na ng mga estudyante ang pinag-uusapan ay hindi talaga siya matatahimik.

Pagkadating ng uwian pagkahapon ay nag-ayos siya ng mga gamit para makapunta sa kabila. Bitbit ang gitara, pumasok si Cara sa gate ng malaking bahay. Bukas naman kaya hindi na siya nag-doorbell o anuman. May isang katulong sa pintuan kaya doon siya lumapit.

“Nay, pwede ko bang makausap ’yong may-ari?”

“Ano po ba ’yon, Miss?”

“Ako po ’yong bagong guro diyan sa gilid. Gusto ko sanang makausap ang may-ari dahil pinagbawalan po kasi kaming kumanta ng mga bata.”

“Ahh. Hintayin n’yo po ako dito. Tatanungin ko lang muna si Sir.”

Sandali rin lang naman siyang pinaghintay ng katulong bago ito lumabas at nagsenyas na sumama siya rito. Nagkandahaba ang kanyang leeg para matingnan ang itsura ng loob. Simple lang sa puting pinta ng mga pader at mga kahoy na furnishing. Nakakaagaw nga lang ng pansin ang malaking hagdanan sa gitna dahil gawa ito sa narra at maganda

ang pagkaukit sa balustre ng mga serpentinang hugis, pati na rin ang dalawang tansong rebulto ni Buddha sa gilid.

Dumaan sila sa madilim na pasilyo at lumabas sa isang patio. Nakita niya roon ang isang pinto. Ngayon niya nalaman na hindi pala nakadugtong sa bahay ang bungalow na malapit sa eskwelahan. Pumasok sila roon at natagpuan niya ang isa pang opisina. Dumiretso sila sa pinakamalapit na pintuan. Kumatok ang katulong bago siya sinenyasan na pumasok.

Hindi alam ni Cara kung ano dapat ang asahan. Sa munting bukas ng pintuan ay mababanaag ang puting dingding at ang unang nahagip ng kanyang mata ay ang mga ulo ng usa na nakasabit. Pumasok siya at nandoon sa mesa malapit sa bintana ang isang lalaki. May itsura ito, maganda ang mga features ng mukha at malapad pa ang mga balikat. Magaspang nga lang ang dating dahil nga sa rancho at mabigat ang trabaho. Moreno ito, pero sa tingin niya ay mestisuhin kung hindi lang naarawan. At ang mga mata... Parang kita nito ang kaluluwa niya sa paraan ng pagtingin ng mga mata.

Isang ngiti naman ang pinalabas niya bago siya nagsalita. "Hi! I'm Cara Lagundi. Ako po 'yong bagong guro diyan sa kabila. Kanina po kasi nagkakantahan kami ng mga estudyante ko nang pinatigil kami ng principal at katiwala n'yo dahil utos ninyo raw. Sir,

parang hindi naman po tama na kontrolin ang klase ng mga bata. Kailangan din kasi ng mga 'yan na turuan ng mga Filipino songs. Siguro noong bata rin po kayo ay pinapakanta rin kayo ng guro n'yo."

Hindi man lang nagbuka ng bibig ang lalaki.

Hinintay naman ng dalaga ang sagot nito.

Mukhang nag-isip pa ang kaharap kung ano ang sasabihin. Baka kasi alam din nito na hindi risonable ang pinapagawa nito. Pero nagsalita rin ito pagkatapos, "I just hate noise."

Sa magalang na boses ay sumagot si Cara. "Hindi po kami nag-iingay. Kumakanta po kami."

Walang sagot.

Ngumiti na lang siya uli. Mukhang ayaw makipag-usap ng lalaki, kaya uuwi na lang siguro siya. "Aalis na po ako, sir. Marami pa kasi akong kailangang gawin. 'Yon lang naman ang sinadya ko dito, na kung okay lang po sana ay kakanta kami paminsan-minsan."

Isang tango naman ang sagot ng kaharap.

Tumalikod na lang siya para makalabas ng silid.



## Chapter *Two*

*N*atahimik si Dario dahil sa narinig mula sa guro. Alam naman niyang hindi tama na ipatigil ang pagkanta ng mga ito pero naaalibadbaran kasi siya. Naiirita siya kapag maingay.

Noong pinatayo niya ang eskwelahang iyon ay hindi niya naisip na magiging maingay ang kanyang paligid. Pinatayo niya ang mga classroom na nakadikit sa pader niya para madali lang sa kanyang kusinera na maghatid ng mga lugaw para sa mga bata kapag nagpapaluto siya niyon.

Huli niya lang nalaman na kahit sinong tao na nakatira malapit sa eskwelahan ay iisa ang magiging reklamo: ang ingay.

Inabot ni Dario ang saklay at tinulungan ang sarili

na makalakad. Naaksidente siya kaya nahihirapang maglakad. Dalawang taon pa raw ang hihintayin bago tuluyang gumaling ang kanyang mga paa. Wala na siyang magawa kundi maghintay.

Pumunta siya ng kusina para magpatimpla ng kape sa kusinera niyang si Aling Consor. Nakasalubong niya si Donnie, ang inutusan niya kanina na pumunta sa kabila para utusan si Miss Makulay na patigilin ang kantahan. “Sino ’yong guro na ’yon?”

“Laking Maynila raw ’yon, boss. Apo ’yon ni Dogonio Lagundi, ’yong dating postmaster.”

“Ahh,” ang tangi niyang sagot.

Kilala niya ang postmaster na nabanggit dahil kaibigan iyon ng namayapa niyang ama. Hindi nga lang niya alam na may dalagang Lagundi pala. Ang alam niya lang ay ang district supervisor na crush na crush ng ama niya dati.

Kaya pala kamukha ng batang guro ang tiyahin sa tsinitang mata at bilugang mukha. Magaganda dahil kakaiba ang dating ng maliliit na mata ng mga Lagundi, tila sumasayaw at kumikinang. Idagdag pa ang magagandang postura ng mga ito.

Patungo si Dario sa kusina nang dumating si Miss Makulay. Hinatid ito ng katulong niyang si Aling Maria sa kusina.

“Naku, sir, I apologize if we’re noisy earlier this morning. I promise that will never happen again.”

“Thanks,” sagot niya.

Isa pa ito. Bukod sa pulang lipstick ay naalibadbaran din siya sa trying hard na pag-i-English ng guro. Makakaintindi naman siya ng Tagalog kaya bakit pa nagpipilit na mag-English?

Binigyan niya ito ng isang tango saka bumalik ng opisina. Inabot siya ng gabi sa katatapos ng libro niya.

Ang buong akala ni Dario ay magiging tahimik na kinabukasan pero nagkamali siya.

Pagkaupo na pagkaupo niya pa lang nang mga alas ocho ng umaga sa opisina niya ay naringgan niyang nag-aawitan na naman ang mga bata galing sa classroom na nasa likuran niya. Bumibirit ng *Bahay-Kubo* ang mga estudyante sa taas ng boses ng mga ito. Paano kaya niya maililipat itong opisina niya? Wala siyang magawa kundi ang magtiis. Oras-oras pa naman ang mga ito kung magkantahan.

Tumayo ang binata para hanapin ang headset niya, pero wala. Hindi niya iyon makita. Napatingin na lang siya nang nabubuwisit sa pader na kadikit ng classroom. Akala niya si Miss Makulay na ang pinakanakakainis na tao sa mundo, mukhang mas pa ang isang gurong iyon.

Nang sumunod na araw ay maingay pa rin. Tinawag niya si Donnie na pakiusapan si Miss Makulay na patigilin ang pagkanta. Pagbalik ng tauhan ay sinabi nitong bumaba raw ng bundok ang principal



noong isang araw pa. Kaya pala!

Sa inis ay hinablot ni Dario ang saklay at nagpasyang lumabas para tingnan ang mga baka.

Dati may kwadra siya ng mga kabayo, pero simula nang naaksidente ay binenta niya ang mga alaga. Kaya naman, naglalakad-lakad na lang siya kapag may pupuntahan, o di kaya ay nagpapahatid sa tauhan gamit ang motorbike.

Hindi naman naging malayo ang pinuntahan niya kaya naglakad lang siya. Pumunta siya sa nursery kung saan nakapuwesto ang maliliit na baka. Doon, abala ang mga tauhan niya sa pag-i-inject ng bakuna sa mga hayop. Noong isang taon kasi ay marami silang batang bakang nagkamatayan dahil sa pabago-bagong panahon.

Dahil mainit ang ulo ng lalaki nang umalis ng mansyon ay nasinghalan ni Dario ang mga tauhan nang nakitang hindi pa rin naayos ang isang kulungan.

“Ilang beses ka ba dapat pagsabihan?”

Parang hilong talilong din ang lahat sa pagkumpuni ng kulungan. Doon na siya naabutan ng hapon dahil may nanganak siyang isang inahin. Nang nailuwal na ang dalawang sanggol ay nagpasya siyang bumalik ng bahay. Patapos na rin ang klase kaya siguradong wala nang ingay.

Naglalakad siya mag-isa sa daan nang nakasalubong niya ang bagong gurong si Miss Lagundi

bitbit ang isang gitara at kasabay ang limang bata.  
Tumutugtog ito ng gitara kahit habang naglalakad.  
Ang mga bata naman ang hindi matigil sa kakaawit.  
Hindi ba natatakot ang mga ito na madapa?

Nang makita si Dario ng guro ay binati siya nito.  
“Hello po!”

Hindi siya umimik. Bakit naman? Ang ingay ng mga ito.

Nabura ang ngiti sa labi ng dalaga dahil sa hindi niya pagtugon.



Hindi talaga makapaniwala si Cara sa ugali ng ranchero.

*'Yabang naman!*

Tama nga ang sinabi ni Leny na buraot ito. Puwes, kapag iniinis siya ay lalo siyang nagiging pasaway. Bukas ay sisiguraduhin niyang sobrang ingay ng magiging klase niya.

Mabuti na lang at wala si Miss Makulay kaya walang sisita sa kanya. Ituturo niya ang buong lesson plan niya sa pamamagitan ng kantahan, may *ABAKADA*, may *Ten Little Indians*. Kapag nagbilang sila, gusto niya pakanta. Tuwang-tuwa naman ang mga bata sa ganoon.

Nang sumunod na linggo ay nasa eskwelahan na naman ang principal kaya tahimik uli siya. Takot din si

Cara sa kilay at lipstick nito kaya behave siya.

Ang ginawa na lang niya ay nagtanim ng mga santan na hiningi niya sa kapitbahay. Isang hilera ito sa harap ng kanyang classroom at pagkakita ng principal doon ay isang taas ng kilay ang binigay nito.

Wala siyang paki. Hindi naman siguro bawal ang mananim dito. Plano nga niyang gumawa ng plot sa harap ng classroom kung saan magtatanim ng mga bulaklak ang mga estudyante niya. Kailangan nga lang niyang lagyan ng bakod para hindi makain ng mga manok at itik dahil may ilan kasing ganoon na pagalagala sa eskwelahan. Kailangan niyang makahanap ng kawayan. Tinanong nga niya ang janitor kung saan siya makakakuha ng mga iyon.

“Humingi ka kay Sir Dario. May mga kawayan doon sa likuran.”

Mukhang mahirap naman. Hindi na nga niya nakita ang lalaki matapos niyang makasalubong ito minsan at hindi siya sinuklian ng ngiti.

“Sa tingin mo, nandiyan ang rancho sa bahay niya?” tanong niya sa janitor.

“Tanungin mo. Minsan umaalis kasi, pero baka nandiyan lang.”

Dadaan nga sana si Cara sa mansyon kinahapunan, ngunit nagdalawang-isip nang makita ang saradong gate. Parang hindi siya welcome.

Dumiretso na lang siya sa bahay ni Aling Koring.

Naisip niyang doon na lang sa poblacion o sa ibaba bibili ng kawayan, pero mahirap kasing magkarga sa motor. Kung dito naman sa bundok ay kailangan talagang humingi sa ranchero dahil ang kompanya nito ang nagmamay-ari ng buong bundok.

Nang sumunod na araw ay pinilit niyang maging matapang at dumaan uli sa gate. Mabuti naman at bukas. Pumasok siya para lapitan ang matandang babaeng nagwawalis ng tuyong dahon sa lilim ng puno ng kaimito.

“Nay, puwede po bang makausap si Mr. Menguez?”

“Ikaw pala, ma’am,” sabi ng katulong sabay bigay ng isang ngiti. “Tanungin ko po muna si Sir Dario.”

Tiningnan niya ang pagpasok ng babae sa bungalow sa gilid. Sinampa naman niya ang sarili sa kaimito habang tinitingnan ang paligid. Kahit sa lugar na iyon, tanging iyong puno ng kaimito lang talaga ang dekorasyon.

Hindi nagtagal ay bumalik ang katulong. “Ma’am, busy kasi si Sir Dario. B’alik ka dito ng ibang araw at baka tanggapin ka niya.”

“Sige po.” Nagpaalam si Cara at dumiretso ng uwi.

Nang sumunod na araw ay hindi muna siya bumalik sa kabilang bakod. Hinintay niya munang dumaan ang tatlong araw bago niya muling ginambala ang katulong na nagwawalis sa labas ng mansyon

at tanungin kung puwede na niyang makausap ang ranchero. Pumasok naman ang katulong ngunit paglabas nito ay parehong sagot pa rin ang binigay.

“Pasensya na, ma’am, at busy po kasi.”

“Okay lang,” sagot ng dalaga bago nagpalaam. Naisip nga niyang sandali lang naman ang kailangan niyang oras, pero ayaw talaga siyang harapin ng ranchero.

Dumiretso na lang siya ng uwi at nag-ayos ng gamit dahil bukas ay uuwi siya sa poblacion.

Kinaumagahan ay maaga niyang nilisan ang bundok. Una nga niyang ginawa sa poblacion ay ang bumili ng chicken wire at alambre sa isang hardware store para iyon na lang ang gagawin niyang bakod. Bitbit niya ang mga pinamili pagbalik niya ng bundok nang hapon ng Linggo.

Pagkatapos ng kanilang klase kinabukasan ay nagpasama siya sa ilang estudyante na maghanap sila ng mga sanga na gagawin nilang poste.

Kailangan nilang makipaglaban sa halos walang katapusang baka sa damo bago nila marating ang kakahuyan sa malayuan. Doon niya nakita ang ranchero na may cowboy hat at isang kahoy na ginagawa nitong saklay. May kasama itong lalaki at binabantayan ng mga ito ang mga baka.

Tingin ni Cara ay nakita sila nito dahil napagawi ang tingin sa kanyang direksyon. Ibinaba na lang niya

ang tingin at tahimik na sumunod sa mga estudyante na magtuturo sa kanya kung saan makakakita ng sanga.

Nang nasa kakahuyan na sila at pumupulot na ng mga sanga ay napatingin siya sa kinakatayuan ng rancho. Nasa direksyon pa rin nila ang mga mata nito. Siguro nagmamanman sa kanila. Baka nga mamaya ay sitahin pa ang pamumulot nila dahil pagmamay-ari nito ang bundok.

Nang nakakuha na sila ng anim na mahahabang sanga ay muli silang dumaan sa damuhan. Pasimple rin lang na tumingin ang rancho sa kanilang grupo. Nang papadaan na sila sa harap nito ay pinuwesto ni Cara ang mga titig sa damo para hindi niya makasagupaan ng titig ang lalaki at baka kung anong pamamahiya na naman ang gawin.

Pagkabalik nila sa eskwelahan ay naabutan nilang nakabihis na si Miss Makulay ng pantalon. Siguradong bababa na naman ito sa poblacion. Makakapag-ingay na naman sila.

At bonggang ingay ang ginawa nila nang sumunod na araw dahil birthday ng isa niyang estudyante kaya hinayaan na niya ang mga bata na maglaro ng mga parlor games buong umaga.

Bahala ang mga maiingayan. Hindi naman nakasulat sa *Saligang Batas* ng Pilipinas na bawal ang mag-ingay.

Buong linggong wala si Miss Makulay kaya buong linggo siyang nakaingay. Pero pagdating ng Biyernes ay doon niya nalaman na hindi pala madaling kontrahin ang ranchero.

Pagdating ng recess ay pumunta si Cara sa teacher's office para kumuha ng mainit na tubig dahil titimplahin niya ang cereal drink na dala. Pinapalamig niya ang kanyang tasa nang marinig ang usapan ng ilang grade VI na estudyante sa labas ng bintana.

“Wala na namang lugaw ngayon! ’Yan kasing si Lagundi na ’yan, ang ingay ng klase kaya siguro hindi nagpalugaw ngayong linggo si Sir Dario,” sabi ng isang babaeng estudyante.

“Oo nga,” pagsang-ayon ng kaibigan nito. “Ang klase lang naman niya ang masaya, tayo naman gutom. ’Kainis! Bruha!”

Malungkot ang mukha na binuhat ni Cara ang tasa pabalik ng classroom niya. Napansin nga niyang walang lugaw sa labas ng opisina nila nitong mga nagdaang araw.

Dahil nga ba sa kanya kaya hindi na nagpakain ang ranchero? Hindi niya inasahan na ganito pala ang magiging sukli ng pagkapasaway niya.

Nakaka-depress naman. Bakit kasi hindi siya nag-iisip bago gumawa ng isang bagay? Nagutom tuloy ang ibang mga bata.

Nang sumunod na linggo ay hindi na siya

muling nagpakanta pa. Pinagbukas niya ng mga libro ang mga bata at pinasagot ang mga activities doon. Naisip niya na baka kung tatahimik ang klase niya ay magkakaroon uli ng libreng lugaw ang mga estudyante.

Ngunit wala. Nakarating ang Miyerkules na walang malalaking kaldero na dumating sa opisina ng mga guro.





# Chapter Three

U nang linggo ng Agosto at makulimlim ang panahon nang may hindi inaasahang tao na bumalik sa Luhaang Bato.

Habang sakay ng isang truck ay tahimik lang na tiningnan ni Laura ang maraming baka na nakahilera sa damuhan. Tama nga pala ang sabi ni Tarya na umasenso nang husto ang kanyang asawang si Dario.

Pitong taon na ang nakakaraan bago siya nakipagtanan kay Josue ay hindi naman ganito kaunlad ang rancho ng asawa sa papel. Malugi-lugi nga ito dati dahil sa utang ng ama nito nang matalo sa pinakahuling eleksyong tinakbuhan ni Jacobo Menguez. Mga iilang baka lang ang meron ito dahil ang negosyo talaga ng mga Menguez dati ay palay at

politika. Ewan nga at bakit hindi sumasali si Dario sa politika. Siguro ayaw nito sa magulong buhay. Tahimik lang ito at sobrang pribado.

Ang totoo niyan ay nagsisi si Laura kung bakit sumama pa siya kay Josue. Tiningnan niya ang natutulog na apat na taong gulang na anak sa gilid. Anak ito ng kinakasama niyang Tsinoy sa kasalukuyan. Hindi rin kasi naging maganda ang pagsasama nila ng kasama niyang nagtanan dahil nalulong si Josue sa droga. Araw-araw siya nitong binugbog kaya tumakas siya.

Mabuti na lang at nakahanap si Laura ng trabaho bilang cashier sa isang barbershop. Doon niya nakilala ang Tsinoy. Hindi nga rin naging maganda ang pagsasama nila nitong nakakaraan dahil nalugi ang kanilang construction company. Heto nga at kailangan niya ng pera at tingin niya, si Dario lang ang tanging sagot sa problema nila.

Tumambad ang pamilyar na mansyon sa kanyang paningin. Si Gob. Jacobo ang nagpatayo niyon dati at dito rin umuwi si Laura noong nagsasama pa sila ni Dario. It was plain like before. Ang kagandahan lang ay wala na ang matandang Jacobo na obvious na ayaw sa kanya.

Huminto ang truck sa gate at nakita niya si Aling Maria na nagwawalis ng mga dahon ng kaimito. Tiningnan niya ang oras sa relo. Alas cinco na rin ng

hapon. Mabuti naman at hindi sila naabutan ng dilim sa daan. Bababa sana sila ng anak nang may natanggap na tawag mula sa kinakasamang Tsinoy.

“Have you arrived already? Have you seen your husband?”

“S’abi nang huwag akong tawagan habang nandito ako,” singhal ni Laura.

“Mr. Ling has been pressuring me. We terribly need the money.”

Pinatay niya ang telepono at binuhat ang anak para makababa sila. Nakita siya ni Aling Maria at nabitiwan ng katulong ang walis tingting sa gulat. Para ngang nakakita ito ng multo.

“Aling Maria, nandiyan po ba si Dario?” tanong niya.

“Sandali lang, Laura. Tatawagin ko!”

Lakad-takbo na pumasok matanda sa bungalow sa gilid. Wala pa iyan dati dahil puno ng mangga ang dating nakatayo roon.

Matagal din doon ang katulong bago lumabas. “Sumunod kayo sa akin, Laura,” anito mayamaya.

Bumuntot naman siya papasok ng opisina. Pagkabukas nito ng pintuan sa gilid ay tumambad ang pamilyar na mukha ni Dario Menguez. Kung nakakalason lang ang galit sa mukha nito ay baka natumba na siya. Pero lingid sa kaalaman ng lahat ay mabait si Dario at madaling lambingin.

“Kumusta ka na, Dario?” tanong ni Laura sabay bigay ng mapagkumbabang ngiti.

“Bakit nandito ka?! Ano’ng kailangan mo?” Simpleng mga salita pero parang patalim iyon na nanunugat sa kanyang balat.

“Wala na kasi akong mababalikan dito sa atin, Dario. Alam mo namang namatay na last year si Papa at ang bahay namin ay sa pinsan ko napunta dahil natalo kami sa kaso. Kung hindi naman sana pagmamalabis ay makikituloy muna ako sandali dito. Kung galit ka sa akin ay huwag mo naman sanang isali ang anak ko. Kung hindi mo kayang maawa sa akin, sa kanya man lang sana.”

Natahimik ang lalaki. Napatingin ito sa paslit na kasama niya. Mabuti na lang at cute itong si Ricky Boy. Nginitian nito si Dario. Napatugon naman ng maliit at madamot na ngiti ang asawa.

Napangiti rin si Laura pero binawi niya agad nang binalik ng lalaki ang mga mata nito sa kanya saka nagsalita. “Ngayong nandito ka na, I’ll be filing an annulment. I’ll help you now basta make the annulment easier for me.”

Hindi agad nakasagot ang babae. Paano naman siya makakuha ng pera kung ia-annul siya ng lalaki? Pero napatango siya. Habang nandito siya sa mansyon ay gagawin niya ang lahat para mapalapit ang loob nito uli sa kanya. Mukhang matutulungan siya ni Ricky

Boy.

Sinenyasan nito si Aling Maria. “Ibigay mo sa kanila ang isang guest room sa ’taas. Tapos, pakainin mo na rin at baka malayo pa ang pinanggalingan nila.”

Niyaya naman si Laura ng katulong papunta sa kusina. Bumuntot silang mag-ina rito.

Napapatanong nga siya kung may girlfriend sa ngayon ang ranchero. Ang sabi kasi ni Tarya, parang wala naman daw. Malaki na nga ang pinagbago ng bahay. Mukhang mas naging komportable. Malaki talaga ang pag-asenso ni Dario dahil marami nang magaganda at makabagong mga gamit sa loob. Narinig nga niyang ito rin ang nagpatayo ng eskwelahan sa gilid. Dapat nga pala ay hindi na lang siya umalis. Naging maganda pa siguro ang kanyang buhay.



Parang nakakita ng multo si Dario nang nakita muli si Laura. Hindi nga niya alam kung magagalit siya, matatakot o maaawa sa babae. Pero tama naman ang sinabi nito na kung galit siya dito ay huwag nang idamay ang bata. Siguro sa ngayon ay tutulungan niya muna ang dalawa na makatayo sa kanilang sariling mga paa. Pahahanapan niya na lang ng bahay para makalipat.

Malalaki nga ang problema niya sa ngayon. Bukod kasi kay Laura ay dumating din nang nakaraang

araw ang pasaway niyang pamangkin na si Zach. Pinapa-rehab niya ito dahil nalulong sa droga. Patay na ang ina nito na ate niya kaya siya na ang may responsibilidad. At bukod pa doon ay ang laki ng buwis na kailangan niyang bayaran. Nagbigay pa naman ng deadline ang *BIR*.

Sinabihan nga niya ang sarili na maghanda sa mga drama dahil nandito ang mga problema niya sa buhay at alam naman niyang hindi magiging madali. Nang sumunod na umaga ay nakita niya si Laura sa kusina. Inagawan na ng trabaho si Aling Consor dahil ito na ang nagluluto.

“Papatapos na ito, Dario!” sabi ni Laura habang nilalagay ang embutido sa plato.

Kakain nga talaga sana siya, pero imbes na umupo ng hapag-kainan ay dumiretso siya sa sliding door para makalabas. Dapat siyang mag-ingat. Sino ba ang makakasiguro kung bakit bumalik dito si Laura sa Luhaang Bato? Baka mamaya ay lasunin pa siya ng babae para lang makuha ang pera niya. Habang kasal ito sa kanya ay may kapit ito sa mga ari-arian niya. Wala rin kasi silang pinirmahang prenuptial agreement dati.

Dumiretso siya sa kanyang opisina at nagpabili ng instant cup noodles sa sekretaryong si Donnie. Humihigop siya ng sabaw nang dumating si Laura sa opisina bitbit ang tray na may pagkain at isang tasa ng

kape.

“Baka kasi gutumin ka,” sabi nito habang nilalagay ang tray sa mesa niya. Nagpaalam na rin itong lalabas pagkatapos.

Tiningnan lang ni Dario ang pinggan pero hindi niya tinikman. Pinaligpit nga niya kay Aling Maria pagkatapos.

Mga alas diez ng umaga nang may natanggap siyang tawag mula sa katulong sa kanilang bahay sa Maynila. May messenger daw na nag-iwan ng sulat mula sa isang law firm. Pinabasa niya sa katulong at iyon nga, may nagdedemanda sa pamangkin dahil may binugbog ito.

Pinatawag niya ang pamangkin at sininghalan. “Ano na namang kabalastugan ang ginawa mo?”

Bungisngis ang tanging sagot ni Zach. Naiirita siya sa pagmumukha nito kaya sininghalan niya. “Umalis ka na nga at baka masapak pa kita!” Kahit ano pa siguro ang sabihin niya, parang wala ring epekto.

High blood na lumabas na lang si Dario ng opisina para manigarilyo. Doon siya tumayo sa bakod at nagsindi.

“Ma’am, kantahan mo kami,” rinig niyang sabi ng isang estudyante sa kabilang bakod.

“Oo, ma’am! Sige na, kantahan mo kami!” sabay rin ng iba.

“Sige, basta bumalik kayo sa mga upuan n’yo,” sabi

ng isang malumanay na boses. Mayamaya ay tahimik na tumugtog ang isang gitara.

*Dahil kaya sa 'yo  
Na maitadhanang ako'y isilang sa mundo  
Upang sa araw-araw ay siyang makapiling mo  
Upang ngayon at kailanman  
Ikaw ay mapaglingkuran, hirang  
Bakit labis kitang mahal?  
Pangalawa sa Maykapal  
Higit sa 'king buhay*

Noon lang niya narinig ang boses ni Miss Lagundi dahil puro sa estudyante ang naririnig niya palagi mula sa opisina. At ngayon alam na niya. Kaya siguro naulol ang lolo niya at ama sa mga babaeng Lagundi ay dahil bukod sa magaganda, napaka-talented pa ng mga ito. Hindi akalain ni Dario na sobrang ganda pala niyon sa banayad at sa lamig. Nakakaduyan at nakaka-relax.

*Sa bawat araw ang pag-ibig ko sa 'yo, liyag  
Lalong tumatamis, tumitingkad  
Bawat kahapon ay daig nitong bawat ngayon  
Na daig ng bawat bukas*

Napatingin si Dario sa bakod. Naku-curious siya



kung ano kaya ang itsura ni Miss Lagundi kapag kumakanta. Naalala niya ang tila sumasayaw nitong mga mata. Makakaladkad nga ng stool dito para makasilip sa kabila, pero naghunos-dili siya dahil baka may makakita sa kanya.

*Hanggang doon magwawakas  
Pag-ibig kong sadyang wagas  
Ngayon at kailanman*

Pinakinggan talaga ni Dario hanggang sa matapos ang kanta at nanatili pa roon sa pag-asa na baka kakanta pa ulit ang guro, pero hindi na ito muling napaawit.

Tumambay pa siya roon para makinig sa malambing na boses nitong nagtuturo sa mga bata.

